Magasin ng BAGONG Buhay
Linggo, Hulyo 15, 1951

UNIVERSITY OF THE PHILIPPINES LIBRARY JUL 16 1951



"INA AT ANAK"
ni N.V. Abueva
(Unang Gantimpala)

*Mga Likhang-Sining*
(Pahina 4-5)


ABANGAN!!!
Isang amang nagdanas ng walang kapantay na mga kaapihan at di biru-birong pagdurusa dahil sa kasamaan ng kapuwa... isang inang nasadlak sa dilim ng buhay at tumanggap ng walang kasinglupit na parusa ng tao dahil lamang sa pagtatamasa ng sandaling kaligayahan... isang manggagamot na sa minsang pagtatamo ng maliit na kabiguan ay itinakwil ang Diyos at kusang napaalipin sa kapangyarihan ni Satanas... dalawang pusong sinubok ng panahon at ng balighong mga pangyayari upang itampok sa daigdig ang angking kadakilaa't kagitingan... at isang madilim na silid na nag-iingat ng isang kakilakilabot na lihim na di kayang lurukin ng karunungan ng tao!
Iyan ang matutunghayan sa isang kasaysayang isinalarawan na malapit nang simulan sa Magasin ng Bagong Buhay — ang...
..."KATARUNGAN"
ANONG LIHIM ANG IKINUKUBLI NG SILID NA ITO???


# Sa Dulaan Ng Panahon

nina Ed Vi Ra at Bas Bur Ad











"Ang Suliranin," yari sa plastik, ni Anastacio T. Caedo. Naglalarawan ng mga alalahanin at malaking suliranin ng isang inang may kinakandiling mga anak na maliliit. Ito ang nagtamo ng pangalawang gantimpalang P500.00. Ipinagbibili sa halagang P1,000.

# Mga Likhang-Sining


(*Mga larawang kuha ni BEN ROXAS*)

SA PANGANGASIWA ng Art Association of the Philippines ay itinanghal sa madla noong Hulyo 4 hanggang Hulyo 15 ang iba-ibang likhang-sining na likha ng mga dalubhasang kamay ng mga kilalang pilipino. Ang pagtatanghal ay kaugnay ng pagdiriwang sa "Linggo ng mga Nagawa ng Pilipinas," at itinanghal sa dating Gusali ng Pananalapi sa Abenida Taft.


Nangunguna sa mga nakatawag ng pansin at hinangaan ng marami ang mga larawang inukit sa kahoy, bato, plastik at iba pa na lubhang makasining at pinaggugulan ng di gagaanong panahon ng mga may-ari bago naiwasto ang kaganapan ng pagkakalikha.

Ang "Ina at Anak" ni Napoleon V. Abueva (makikita sa pabalat), ay siyang nahirang na pagkalooban ng unang gantimpala dahil sa kahangahangang pagkakayari. Inukit sa batong *adove*, ganap na nailarawan ng maylikha ang diwa ng pagmamahal ng isang ina sa kanyang anak, bagama't nangailangan ng panahon at pagtitiyaga bago naibigay ang kaganapang hinihingi ng sining.

Makikita sa mga larawan sa magkabilang dahon ang ilan sa mga naging tampok ng tanghalan, gayondin ang mga pamagat at ang mga pangalan ng mga maylikha...



**"Ang Halik," pangatlong gantimpala. Yari sa kahoy at likha ni J. Alcantara.**




**Ang nagtamo ng pang-apat na gantimpala: "Bigyan Mo Kami Ngayon Ng Aming Kakanin sa Araw-Araw" ni A. Pestaño. Yari sa putik.**




**Ang "Ina ng Ani" ni J. Alcantara. Nagtamo ng tanging gantimpalang P150.00.**





Santos Ocampo Laboratories—176 Gomez, Addition Hills, San Juan, Rizal.


Dalawang likhang-guhit na yari sa oleo na kabilang sa mga nagtamo ng papuri. Ang "Sabong" ni Fred T. Kalingking, ipinagbibili sa halagang P500.00, at ang "Isang Larawan" ni Anita Magsaysay Ho, P150.00.



**Ang tanghal ng tindahan ni A. C. Florentino. Kabilang ang larawan ng "Huling Hapunan", "Venus", at mga lamparang yari sa kahoy na nara at mulawen na may maririkit na palamuti.**




**Mga basket, salakot at mga punasan ng paa o "door mat" na tanghal ng Philippine Trade School.**



**Iba't ibang hugis ng basket, mga bag na pambabae, maririkit na palamuti at kagamitang pantahanan na yari sa kahoy, yantok at buli na itinanghal naman ng Bureau of Public Schools.**


# ALAM BA NINYO?



ANG BOKSING SA KASALUKUYAN AY IBANG-IBA KAYSA NOONG UNANG PANAHON. NOON, ANG MGA BOKSINGERO AY NAKIPAGSUNTUKAN SA PAMAMAGITAN NG KANILANG WALANG SAPING MGA KAMAY, AT KADALASA'Y HINDI NA PINAHAHALAGAHAN ANG UKOL SA MGA TUNTUNIN SA KALIGTASAN

Sa Kulong "Labanan ng mga Higante" ang pagsasagupa nina Paddy Ryan at John L. Sullivan sa dakilang paligsahan para sa Kampeonatong pandaigdig sa mabigat na timbang na ginanap sa New Orleans, La., noong Pebrero 7, 1882."

OKLAHOMA A. & M.
basketball type championship shoes



**Ngayong panahong ito, ang anumang laro ay masasaklaw ng mga tuntunin na tumitiyak sa kaligtasan ng mga manlalaro. Ang mga makabagong sangkap at kagamitan sa laro ay siyang may malaking naidudulot at nagagawa sa bagay na ito. Ang isang pares ng sapatos na gomang ganap ang pagkakayari ay bahagi ng mga kagamitang nabanggit. Kayo'y laging makakalilikha ng malaking laro at maliligtas sa lahat ng sandali sa pamamagitan ng isang pares na sapatos na gomang JACINTO!**

Jacinto
RUBBER & PLASTICS CO., INC.
5TH AVENUE, GRACE PARK • TEL. 2-67-62



**Masayang larawan ng masaya ring taga-PNK. Sa unang hanay, mula sa kaliwa, pakanán: "Atang" Hernandez, "Eveng" del Rosario, Komisyonada Perez, Cirio "Tanging Tinik" Panganiban, Rosa Alvero, Gng. Delfino, Beatriz G. Geronimo at Ligaya Perez-David. Ikalawang hanay, gayon ding ayos: isang taga-Roseville, Patrocinio Santos, Rebecca de Leon, Consolacion Mantaring, Upeng Estrada, Encar Serrano at isang panauhin.**

# 1951 HULYO 7 "GABI NG WIKA"

**ni Beatriz G. Geronimo**
Kalihim, "Panitik ng Kababaihan"

KAMAKAILAN, humigit-kumulang sa kalahating libo katao ang nagkapalad (kaya?) na makilala nang harapan ang mga may-ari ng mga pangalang kilala lamang nila sa mga dahon ng babasahing Tagalog. Dahilan: ang "Gabi ng Wika" na idinaos sa Luneta noong Hulyo 7 sa pangangasiwa ng kilala na ninyong "Panitik ng Kababaihan".

Umaambon-ambon noon, (sapagka't tag-ulan na ngayon, ano sa akala ninyo?), subali't dating at dating din ang tao. At samantalang hinihintay pa ang ilang panauhin ay inaliw ng dalawang banda ng pamahalaan (kapuwa ho nagmagandang-loob sa amin) ang mga tao. At mangyari pa, naaliw din sila sa panonood sa nagdaratingang mga manunulat na babae, pawang nasa kanilang "pinakamarikit" nang gabing iyon.

Sinimulan ang palatuntunan. Unang bilang (mangyari pa!) ang maikling pati ng pangulo ng PNK, si Gng. N. B. del Rosario (na malamang kaysa hindi na hiranging patnugot ng kawanihan ng paggawa). At sumunod ang mga iba pang bilang: awit, sayaw, tula, awit, sayaw. Pagkaraan ay ang balagtasan. Lakandiwa si "Pepe" Karasig. Maganda ang paksa, sabi ng lahat. Nguni't may isang puna: hindi raw handa ang mga nagtalo, sina "Milyo" Bunag at "Doming" La Vida. Pagkaraan, narinig na lamang sa huli: "Totoong mahirap ang hanap-buhay na ito!" (Basta ako'y walang sinasabi. Tapos).

At nang ipagkaloob ang mga gantimpala sa mga may-akda ng nagsipagtagumpay na nobela, kuwento at tula (ito kung di pa ninyo nalalaman, ang tampok ng palatuntunan) ay tigas na palakpakan. Kabilang sa mga umuwing may kipkip na kahon (ito ho ang gantimpala nila, huwag sana kayong magkamali) sina "Tura" Medina, "Pedring" Dandan, "Kleto" Bustamante, "Saro" Francisco (siya ho ay galing pa sa Kabanatuan), "Ikeng" Agleham at "Kayong" Pineda na sapagka't siya ay wala na (sa mundong ito, saan pa?) ay isinugo na lamang ang isa sa kanyang anak.


At sa pagtatapos ng pag-aabot ng mga gantimpala, ay tapos din ang "Gabi ng Wika."

At siyenga pala (bakit ba ako mukhang malilimutin ngayon?): Inihabol nga rin pala bago naguwian ang pagpapakuha ng mga taga-PNK. "Para masulit ang aming isinuot na terno," ang wika ng ilan. Sa ganang akin, nais kong makita ng aking magiging apo ang hitsura ng kanyang impo noong ika-7 ng Hulyo, taong 1951. Tapos.

At oo pa nga pala. Utang ng PNK kay Gng. Asuncion Perez ang "Gabi ng Wika."




**Nang sabitan ng alpiler si Gng. Asuncion Perez, tanda ng kanyang pagiging kaanib na pandangal ng PNK. Utang ang "Gabi ng Wika" kay Gng. Perez.**



**Si "Pedring" Dandan, masayang inaabot ang gantimpala para sa kanyang "At Nupling Ang Lunting Halaman."**



**Ang kilala nang si Patrocinio Santos, at ang kanyang "Ang Aking Wika".**



# Ganting DULA Sa HATINGGABI

ni FIDEL E. ANASTACIO

**INIHAHALIMBAWA NG KUWENTONG ITO ANG ISANG BANAL NA PANGUNGUSAP NG DIYOS: "HUWAG MONG GAGAWIN SA IYONG KAPUWA ANG DI MO NAIS GAWIN SA IYO NG IBA"**

PARANG hindi magdaan sa lalamunan ni Martin ang masarap na pagkaing pinagsasaluhan nilang mag-asawa. Nasa malayo ang kanyang dilidili. Paano'y sa gabing iyon magkakaroon ng katuparan ang isang malaon na niyang nasa. May tipanan sila ni Norma, ang kabighabighaning dilag na kasama niya sa pinapasukang tanggapan. Sa malaon nang pamimintuho niya sa babaing ito, na nakatatalos naman na siva'y may pananagutan na sa buhay, ay nang araw na iyon lamang natamo niya ang pinakalulunggating katugunan. At nang gabing iyon ay nagtipan na nga silang magtatagpo sa isang otel sa Ermita. Magpapasasa sila sa kaligayahan. Liliparin nila ang langit ng salamisim, sa buong magdamag ng maligayang gabing iyon.

Hindi nakatanan sa mapanuring pangmasid ni Adela ang kapunapunang anyo ng kabyak. Ito'y nag-usisa:

--Mukhang hindi ka makakain ngayon, Martin. Mayroon ka bang dinaramdam?

—Wala naman, Adela. Nai'sip ko lamang ang kalagayan ko. Pagod na pagod na ako nang pagtatrabaho sa maghapon, ngayong gabi'y trabaho nanaman.

—Bakit, may pasok ba kayo ngayong gabi?

—Oo, may **overtime** kami dahil sa may tatapusin kaming mahalagang gawaing hindi dapat abutin ng bukas.

—Baka naman kung mapano ka. Ni hindi ka natulog kaninang tanghali, saka ngayo'y...

—E, ano ang gagawin ko... iyan ang kailangan. Lalo namang masama kung makagalitan ako ng aming hepe. —Tumayo na si Martin at uminom. —Hindi bale, malaki naman ang sasahurin ko sa katapusan ng buwan. Maibibili kita ng magandang bestida. — At pinisil-pisil pa ni Martin ang baba ng magandang kabyak.

Nang manaog si Martin nang gabing iyon ay inihatid pa siya ni Adela hanggang sa may tarangkahan. Katulad ng kinaugalian tuwing aalis siya ng bahay, pinaliguan pa siya ng matatamis na halik ng mapagmahal na kabyak.

—Uuwi ka sanang maaga bukas, hane? —pahabol pang wika ni Adela. —Hihintayin kita sa agahan. Hindi ako kakain habang hindi ka dumarating.

Malayo na si Martin ay nakatanaw pa si Adela. Dapat sanang mapag-ukulan niya ng dilidili ang bagay na iyon. Hanggang sa mga sandali ng kanyang napipintong pagtataksil sa asawa ay ipinadarama pa sa kanya ang malabis na pagsuyo. Kung iisip-isipin lamang sana niya, sapat na ang bagay na iyon upang limutin niya ang kanilang tipanan ni Norma at paraanin ang magdamag sa piling ng asawang tunay na nagmamahal. Nguni't palibhasa'y isang lalaking walang kasiyahan, ang pananabik ng sarili sa tawag ng laman ay nais niyang ihanap ng ganap na kasiyahan sa piling ng iba namang babae. At siya'y nagpatuloy na mandi'y umaawit pa ang puso.

Ang magdamag na iyon ay pinaraan nga nila ni Norma sa magarang silid ng isang otel. Naging ganap ang kanyang tagumpay sa pagtatamasa ng luwalhati. Buung-buong inangkin niya ang kagandahan ni Norma. Nalasap niya ang katamisan ng pagkababae nito nang buong tiwala at pagpapaubaya. Halos madaling-araw na'y nagduruyan pa sila sa kaligayahan ng nakaw na mga sandali.

—Ito na kaya ang una't wakas ng ating pagtatalik, Norma? —nawika ni Martin nang siya'y langung-lango na 'sa kandungan ng babae.

—Nasa sa iyo ang bagay na iyan. Kung ikaw na ang kusang puputol ay wala akong magagawa. Nguni't kung hindi ka manghihinawa, masasabi kong ito'y simula lamang...

—Kung gayon, kailan uli tayo magtatagpo... sa silid ding ito? — punung-puno ng pananabik ang tinig ni Martin. Nilalaro niya ang hubog kandilang mga daliri ng babae.

—Sa Sabado ng gabi. Magdahilan ka uli sa iyong asawa na mayroon tayong **overtime**...

—Hayaan mo... sa Sabado ng gabi.

At bago narinig ang unang tilaok ng mga manok sa pagbubukang-liwayway, minsan pang tinungga nila ang matamis na alak ng kamunduhan. Nagpasasa silang muli sa nakaw na ligaya sa loob ng silid na iyong natatabingan ng bughaw na kurtina.

SABAY silang nanaog ng otel, nguni't naghiwalay ng lakad. Si Norma ay patungo sa sariling tahanan, at si Martin ay pabalik sa kanilang bahay. Bago pa lamang namimitak ang araw at bihira pang tao ang naglalakad sa mga lansangan.

Sapagka't nagmamahal din naman sa kabyak, bagama't nang nagdaang gabi'y binahaginan ng pag-ibig ang ibang babaing naging marupok sa kanyang mga pagluhog, ay naisip ni Martin na uwian ng pasalubong si Adela. Kahabaghabag naman ang kanyang asawa, naisaloob ni Martin. Walang kamalaymalay sa naganap na dula nang lumipas na magdamag, at ang buong akala'y naglamay nga siya sa kanilang tanggapan. Kay-hihina ng mga babae. Madaling malinglang ng mga lalaki. Iyan ang naisaloob pa ni Martin.

Nagmamadali si Martin nang pumanhik sa kanilang hagdanan. May bitbit siyang isang supot ng mga sariwang itlog ng manok na binili niya sa isang kalapit na tindahan, saka masarap na pandelimon at enseymadang alam niyang gustung-gusto ni Adela.

Bagama't maliwanag na ay

(Buklatin sa pahina 16)



Kuwento ni

**Josefa Narsiso-Hernandez**

# Mga Larawan Ng Buhay

**ANG UNA'T HULI NIYANG PAG-IBIG AY INUNSIYAMI NG ISANG MAKATA. AT NGAYON ... ANG LARAWAN NG BUHAY SA KANYANG PALIGID AY NAGDUDULOT NG KAPIGHATIAN**

PARANG ka-kahapon lamang, nguni't ang tutoo'y marami nang mga taon ng luha ang matuling lumipas sa aking buhay. Mahaba nang tanikala ng hinagpis ang aking nakaladkad sa pagsalunga ko sa matarik na kalbaryo ng aking pagpapakasakit.

Oo, marami na ngang mga araw ang napigtal sa kalendaryo ng panahon, datapwa't ang lumang aklat ng buhay ko'y isang kasaysayang habang lumalaon ay lalong nagtitining sa dahon ng aking alaala.

Sa papaano'y ang yaman ng kalikasan ay naging piping saksi ng aking pagluha. Ang mga lumang alamat ng panahon ay naging larawan ng buhay ng aking kasawian.

At, naaalaala ko pa... –

Noon ay buwan ng mga bulaklak. Maraming bayan at nayon ang nagdiriwang dahil sa banal na krus ng ating Panginoon.

Sariwang-sariwa pa ang aking kagandahan noon. Kaya't nang ipagdiwang ang Pista ng Krus sa aming nayon, isa ako sa mga naging patnubay ng kasayahan.

Noong gabi ng dakilang koronasyon, ikaw ng makatang nagputong sa akin ng korona ng karangalan. Halatang-halata kong nagkaroon ka ng maraming inspirasyon, sapagka't ang bawa't taludtod ng iyong tula'y punong-puno ng katamisan at paghanga.

Ang iyong pagka-makata at ang iyong pagkakabigkas ng tula nang gabing yaon ay hinangaan ng libu-libong nakinig at nanood ng kasayahan sa aming munting nayon.

Pagkaputong mo sa akin ng korona, samantalang inilalagay mo sa tapat ng aking dibdib ang mabangong kuwintas ng sampagita, ay isinalit mo ang marahang bulong ng iyong puso.

—Dadalawin kita sa inyong tahanan, —ang iyong paanas na wika.

Hindi ako tumugon noon kahi't isang kataga, nguni't ipinahiwatig ng aking mga mata ang kasiyahan at pagsang-ayon sa iyong kahilingan.

Masayang-masaya at tuwang-tuwa ako nang gabing yaon. Sa aking puso'y nag-uumapaw ang kagalakan sa tinamo kong mga papuri dahil sa inyong mga paghangang binigkas.

Halos hindi ko na nais na matapos ang gabi ng pagpuputong, upang hindi na rin matapos ang magaganda mong mga tula.

TINUPAD mo ang iyong pangako. Pagkatapos lamang ng dalawang gabi ng kasayahan ay panauhin na kita sa maralita naming tahanan.

Galak na galak ang aking loob na kita'y pinatuloy. Pati ang aking mga magulang ay nasiyahan din sa ginawa mong pagdalaw, sapagka't ibinalita ko at ipinagparangalang ikaw ang makatang nagsuob sa akin ng kamanyang ng paghanga.

—Pakita, hindi ka kaya magsasawa sa pagtanggap sa akin sa gagawin kong madalas na pagdalaw sa iyo? —ang iyong nawika nang tayo'y magkasarilinan ng pag-uusap.

—Nardo, —ang nakangiti kong sagot. —sa lahat ng oras at araw ay bukas ang aming pintuan para sa iyo.

At naging madalas na nga ang pagdalaw mo sa akin. Sa tuwing ikalawang-gabi'y nagkakaniig tayo sa aming balkon.

Sa bawa't gabi ng iyong pagdalaw ay lagi mong ibinubulong sa akin ang mga dasal ng iyong pusong umiibig.

Nguni't sa iyong mga pagdaing at pagluhog, ang lagi kong isinasagot ay...

—Oo, Nardo, bayaan mo at iisipin ko pa ang bagay na iyan.

At bagama't hindi pa tayo magkasintahan noon, ikaw ay naging malaya na sa pagpanhik-panaog sa aming tahanan, sapagka't ako at pati ang aking mga magulang ay nagkaroon ng malaking pagtitiwala sa iyo.

Kaya't marami tayong nadaluhang mga kasayahan at pagtitipon. Sa malalaking kasayahang dinadaluhan natin, tayo'y malimit na maging panauhing pandangal.

Sa mga sayawan, mga paglalakbay sa Los Baños, sa Balara sa Sibul Spring, tayo ang laging magkapareha sa lakaran.

Ako'y nasisiyahan sa ating mga dinadaluhang sayawan, laluna't kung tayo'y nagsasayaw sa bulwagan ng Manila Hotel. Ipinagmamalaki kong ako'y kasayaw ng isang bantog na manunulat.

Isang gabi, tayo'y nagkakasarilinan ng pag-uusap sa aming balkon. Maganda noon ang gabi, ang mga bituin sa langit ay tila isinabog na kristal sa kalawakan. Ang palabang buwan ay tila malaking ilaw na ibinitin sa kimpal ng ulap.

Hawak mo ang aking mga palad noon. Wala kang imik sa iyong pagkakaupo, nguni't pamayamaya'y naramdaman kong hinugot mo sa iyong dibdib ang isang malalim na buntong-hininga.

Ilang saglit pa'y muli mong inihibik ang mga hinaing ng iyong puso.

—Pakita! Pakita! Minamahal kita! Iniibig kita! —ang iyong wika.

Maraming-marami kang sinabi noon, nguni't ako'y hindi tumugon ga-putok man, kaya't ikaw ay nagpatuloy sa pangungusap.

—Pakita, huwag kang magalinlangan sa aking banal na pag-ibig. Ang aking pagmamahal na ito'y hindi gaya ng liwanag na may karimlan. Ang aking pag-ibig sa iyo'y tulad sa isang kristal na laging nagniningning sa kanyang kadakilaan.

—Nguni't Nardo, —ang aking naitugon sa iyo. —Nalalaman kong kayong mga makata'y matatamis ang dila. Maaari kayong maglubid ng buhangin. At nalalaman ko ring ang mundong ito'y punung-puno ng kababalaghan at panaginip.

—Pakita, ano ang ibig mong sabihin? —ang iyong naitanong sa akin.

Hinagod kita ng tingin, saka ako nagpatuloy.

—Oo, Nardo! Ang daigdig na ito'y punung-puno ng panaginip. Kaya't ang ibig kong sabihin, baka ang iyong pag-ibig ay matulad lamang sa bunton ng pangarap sa gitna ng isang madilim na hatinggabi. Hindi kaya?

Hindi ka nakasagot at sa halip ay nagpatuloy ka sa paglalarawan ng kadakilaan ng iyong pagmamahal.

Isinaksi mong lahat ang yaman ng kalikasan. Pati alon sa dagat. Pati pagaspas ng ha-

(Buklatin sa pahina 16)

# Minsan Pang Nagbiro Si Kupido

**SADYANG MAPAPAGLARO ANG TADHANA — KUNG MINSAN AY LUMILIKHA NG MGA PANGYAYARI NA HINDI KARAKARAKANG MAPANINIWALAAN**



HILAM pa sa luha ang mga mata mo, Myrna, nang hapong yaong lisanin mo ang inyong magarang tahanan. Halos hindi mo maihakbang ang iyong mga paa dahil sa matinding pagdaramdam na naghahari noon sa iyong kalooban. Nagsisikip ang iyong dibdib. Tila may balaraw na nakatarak sa iyong puso. At sa iyong luhaang mukha'y nakalarawan ang isang katauhang sakmal ng malabis na kapighatian.

Malayo na noon, Myrna, ang iyong nararating. Subali't waring naririnig mo pa ang malakas at makapangyarihang tinig ng iyong amang nagliliyab ang kalooban sa matinding poot.

—Myrna, ngayon pa'y lisanin mo na ang tahanang ito kung ayaw mong ako'y makagawa nang hindi tumpak! Ang isang anak na suwail na katulad mo ay hindi na karapat-dapat sa pagmamahal ng isang ama. Sige, lumayas ka...! —at muling nagbatis sa iyong mga mata ang masaganang luha.

Nagpatuloy ka sa iyong mabagal na paglakad. Wala kang tiyak na paroroonan nang mga sandaling iyon. Datapuwa't... nang ikaw ay makarating sa isang malaking tulay ng inyong nayon, ay bigla kang nakaramdam ng panghihina at waring nagdilim ang iyong paningin.

—Oh, Panginoon...! Tulungan Mo po ako at bigyan ng lakas upang mapaglabanan ko at mapagtiisan ang masaklap na birong ito sa akin ng kapalaran. —ang usal mong dalangin

Isang mahabang buntong-hininga ang pinakawalan mo sa iyong nagsisikip na dibdib. At ikaw ay nag-isip nang malalim.

Walang anu-ano'y isang maitim na balak ang kumislap sa iyong diwa. Naramdaman mong biglang nag-init ang dugong nananalaytay sa iyong mga ugat. Lalong lumakas kaysa dati ang pagtibok ng iyong puso. Nawala pati ang mga gunigunining labis na bumabagabag sa iyong katauhan. Nang mga sandaling iyon ay ibang-iba na ang naghaharing damdamin sa iyong sarili. Ikaw ay handang-handa na. Isang mabuting pagkakataon na lamang ang iyong hinihintay upang isagawa ang iyong maling hakbang.

Subali't... nang tatalon ka na lamang sa tulay, ay parang isang himalang nakita mo sa pisngi ng tubig ang mukha ng iyong ina na malaon nang namayapa, at waring nagsasalita:

—Huwag... Huwag... anak ko!... Alalahanin mong mga duwag lamang ang nakakaisip ng ganyan. Tibayan mo ang iyong loob, anak ko, pagka't sadyang mahiwaga ang buhay sa daigdig.

At ikaw ay natigilan. Napamangha ka. Lalong sumasal ang tibok ng iyong puso. Muli mong tinanaw sa agos ng tubig ang larawan ng iyong ina. Nguni't hindi mo na nakita. Sinagilahan ka ng matinding takot at hindi mo sinasadya ay napatingala ka.

—Oh, patawarin Mo po ako...! —ang marahang nabigkas ng iyong mga labi.

Ilang sandali pa nuon ay pumayapa ang iyong nagugulumihanang pag-iisip. Naramdaman mong guminhawa ang iyong damdamin. At tila nadama mo rin ang unti-uting pagliliwanag ng iyong diwa, kaya madali mong pinagsisihan ang mali mong balak.

—A, hindi nga dapat ang magpatiwakal. Kailangan nga akong mabuhay upang maipaghiganti ko ang gumuhong bantayog ng aking karangalan. Magbabalik ako sa Maynila. Hahanapin ko siya — si Danilo, at ako'y maghihiganti...! — iyon ang naipasiya mo sa iyong sarili.

Natanaw mong may isang dumarating na sasakyang patungong Maynila. Tiningnan mo ang iyong orasang pambisig. Mag-iika-lima pa lamang noon ng hapon. Nang mapatapat sa iyo ang trak ay pinatigil mo at nagdudumali kang lumulan. Isang likmuang walang nakaupo ang pinili mo, sapagka't nang mga sandaling iyon ang nais mo'y mapag-isa ka upang masarili ang lubos na katahimikan. Nguni't nang ikaw ay payapang nakaupo na ay isang tinig lalaki ang gumambala sa iyo.

—Binibini, maaari hu bang makaupo sa may tabi ninyo...? —ang magalang na tanong ng lalaking lumapit sa iyo. —Magalaw lamang sa may dakong likod, kaya...

—Aba, opo...! —ang mapitagan mo ring tugon at ikaw ay umisod nang bahagya.

Palibhasa'y hindi mo nakikilala ang lalaking pumiling sa iyo, kaya't nanatili kayong hindi nag-iimikan. Subali't hindi nagtagal, ay muling binasag ng kanyang tinig ang naghaharing katahimikan.

—Mula pa kangina'y napapansin kong tahimik na tahimik kayo, binibini... —ang kanyang wika na hindi inaalis ang tingin sa iyo. —Marahil ay may isang mahalagang bagay na bumabalisa sa inyong kalooban.

—A, wala po. Talagang ugali ko lamang ang hindi palakibo. —at kunwa'y pinasigla mo ang iyong mukha upang maikubli ang kapighatiang naghahari sa iyong damdamin.

—Kayo ba'y taga-saan, binibini...? —ang paibang tanong at ikaw ay kanyang tinitigan na waring hinahangaan ang iyong kariktan.

—Sa San Miguel, Tarlak po...

—Kung gayon, maaaring kakilala ninyo si Tenyente De Vera, pagka't siya'y taga-roon.

—Opo, siya po ang aking ama, kung mayroon kayong ipag-uutos.

—Siyanga ba...! —at nangiti ng bahagya ang lalaki. —Alam mo, si Tenyente De Vera'y naging tauhan ko noong panahong kami'y nasa larangan, at kahi't na hindi mo itinatanong, ako ang kanilang **Major.**

At bagaman noon lamang kayo nagkatagpo, ay naging mapalagay na ang loob sa iyo ng naturang lalaki. Ikinuwento niya sa iyo ang mga hirap at sakit na tiniis nila noong panahon ng digmaan. Nawili ka naman sa pakikinig. Aywan kung sa anong sanhi, naitanong niya sa iyo kung ikaw ay dalaga. At ipinagtapat mo naman ang katotohanan. Ikaw ay nangingiti pang tumango.

—Mabuti kung gayon, — ang nawika niya at minsan pang minalas ang iyong kagandahan. —Alam mo, —ang kanyang patuloy. —kaya lamang ako luluwas ngayon sa Maynila ay dahil sa aking anak. Siya'y nabalitaan kong ibig na raw mag-asawa, nguni't tumutol ako sapagka't gusto ko munang makatapos siya ng pag-aaral. Isa pa'y ni hindi ko man lamang nakikilala kung sino ang babaing kanyang kinahuhumalingan. Doon sa aming bayan ay mayroon akong nagugustuhang dalaga para sa kanya, nguni't ayaw namang pumayag. Kaya, yamang tayo'y nagkakilala na, binibining De Vera, maaari mo

(Buklatin sa pahina 13)

**Kuwento ni QUIRINO VIR. GUEVARA**

## Mga Larawan...

(Karugtong ng nasa pah. 10)

nging amihan. Pati ang sikat ng araw. Ang lahat ng iya'y ginawa mong mga piping saksi ng iyong pag-ibig at pagmamahal na wika mo'y hindi magmamaliw magpakailanman!

Pusong babae palibhasa, na bagama't matimpi ay marupok, ako'y naawa sa iyo. Binuksan ko ang nakapinid na pintuan ng aking puso at tinanggap ko ang iniluluhog mong pagmamahal.

At... magmula noon ay naging makapangyarihan ka sa aking buhay. Naging panginoon ka ng aking puso. Naging malikot na ibon ka sa loob ng aking dibdib.

At palibhasa'y inibig kita at minahal nang higit pa sa aking buhay, hindi naglaon ay ipinagkatiwala ko sa iyo ang mahalagang hiyas ng aking pagkababae.

Ikaw ay nagpakalasing sa alak ng kaligayahan sa aking kandungan. Natulad ka sa along hindi nagsawa sa paghalik sa kanyang dalampasigan.

At pagkatapos ng mahigit na isang taon ng ating pagmamahalan, ay namulaklak ang ipinunla mong pag-ibig, nguni't pamumulaklak na hindi sinikatan ng araw ng iyong kalinga.

Isang magandang sanggol na lalaki ang naging bunga ng aking bulag na pag-ibig at pagkabaliw sa iyo. Nguni't kahabag-habag na sanggol. Hindi ka na niya nasilayan. Matapos mong ilagak sa aking katauhan ang sangla ng iyong malupit na pag-ibig, ay dagli kang nagmaliw at naglaho sa aking buhay.

Nguni't ako'y may luha sa matang nagpapasalamat sa sinapit kong kasawian, sapagka't sa aking kasawiang ito'y nakilala ko kung ano ang buhay. Ang tao pala'y dapat masawi at lumuha, upang mabatid ang katotohanang mahiwaga at balintuna ang daigdig!

—Nardo, —ang madalas ko na lamang mawika sa aking pag-iisa, —sa iyong paglayo'y lalo kang napamahal sa aking puso, sapagka't sa iyong paglayo'y nakaiwan ka ng isang alaalang itinuturing kong isang y a m a n ng a k i n g buhay! Isang alaalang gagawin kong banal na relikya ng aking tapat na pag-ibig, na naunsiyami at hindi nagkaroon ng katumbas na gantimpala.

At ngayon...


Habang lumalakad ang mga araw, ang bukas na aklat ng aking kasaysayan ay isang aklat na walang pagkaluma ngayon at kailan man. Sapagka't ang yaman ng kalikasan ay naging mga piping saksi ng aking kasawiang ito.

Ang pagsikat at paglubog ng araw sa kanyang kanluran... ang malungkot na pamamaalam ng takip-silim sa kanyang mga huling liwanag... ang pagkabasag ng bula at pagkadurog ng mga alon sa pampang... iyan pala'y mga larawan ng buhay sa daigdig na ito ng mga himutok at luha!

Ganiyan din ang iyong pag-ibig at pagmamahal! Pag-ibig na ayon sa iyo'y walang takip-silim, at pagmamahal na walang dapit-hapon. Nguni't ngayon ay nakilala ko ang mapait na katotohanang inilantad ng mga pangyayari.

Hindi ko akalaing sa mahina kong paglalakad sa landas ng buhay ay matinik din ako nang malalim. Ganito pala ang buhay! Kung kailan ka nagpapakatapat ay saka ka naman nasasawi.

Ah, ang malungkot na pangyayaring ito sa aking palad ay hindi ko na malilimot magpakailanman! Sapagka't ang mga yaman ng kalikasan na naging piping saksi ng aking mga pagluha at pagpapakasakit, ay larawan ng buhay sa daigdig na ito. Oo, larawan din ng aking sarili! (X)




## Ganting Dula...

(Karugtong ng nasa pahina 7)

dinatnan niyang may ilaw pa sa kanilang silid. Marahil ay nakalimutang patayin ni Adela. Baka hindi naidlip nang nagdaang gabi dahil sa pag-aalaala sa kanya. Baka sadyang hindi na pinatay pagka't natatakot at walang kasama sa bahay. Baka...

Nang buksan niya ang pinto ng silid ay nasagap ng kanyang ilong ang amoy ng pabangong laging ginagamit ng kabyak.

Nakahiga si Adela sa kanilang kama. Nakapikit ang mga mata, at ang katawang natatabingan ng manipis na damit-pantulog ay waring nagpapahiwatig ng pagod at panlulupaypay. Marahil ay may inayos na mga gawaing pambahay o dili kaya'y may hinarap na mabigat na gawain nang nagdaang gabi.

Nilapitan niya ang asawa at hinagkan sa noo. Nagulat pa ang babae at napaigtad nang bahagya, nguni't nang makilala siya'y napabuntong-hininga at magiliw na yumakap.

—Ang akala ko'y kung sino ka na, Martin... —nangingiti si Adela at kinukusot ang wari'y nanlalabo pang mga paningin.

Nguni't nang matuon sa may paanan ng kama ang tingin ni Martin ay may isang bagay na nakatawag ng kanyang pansin. Dinampot niya iyon at binuklat. Parang nililindol ang kanyang dibdib habang sinisiyasat ang laman... At biglang nandilat ang kanyang mga mata nang mabasa ang pangalan sa **identification card** na nasa loob — kay Leon, ang kanilang kapitbahay na binatang di miminsang nahuhuli niyang nakatitig sa kanyang magandang maybahay.

Nang ipako niya ang kanyang madidilat at nag-uusig na paningin sa mukha ni Adela ay parang kulog na umalingawngaw ang kanyang tinig:

—Bakit napunta rito ang purtamunedang ito?... Bakit?... Bakit?

At sa kapuna-punang naging anyo ni Adela na hindi maititig sa kanya nang tuwid ang mga mata, ay nabasa niya ang isang hindi maikakailang katotohanan na **ganti** lamang sa isang dulang naganap nang nagdaang hatinggabi sa madilim na silid ng isang otel! (X)

## Nang Magdaan Ang Daluyong

(Karugtong ng nasa pahina 15)


makarating sa Biba, sapagka't mangyayaring sa kahahalo ng mga kamay na kumukuha, ang talagang timbang ng natitipong bigas, ay nababawasan. Ang hindi nga nakuha sa "dasalan" ay kinukuha na sa "paspasan" at lahat ng ito'y nangyayari dahil na dahil lamang sa utos na ikinatigil ng pamamalit, na isinalig sa labis na kaselangang malakhin ang sarili, gayong ang tunay na kahulugan ng utos, kung isasagunitang ang pagsasagawa ng pamahalaan ng pamamalit ay pagtupad lamang sa ginagawang gayon ding bagay ng napapapanginoon, ay ang pagsasakatuparan ng bantog na aral na "gawin mo ang aking sinasalita at huwag ang aking ginagawa." Kahi't mga araw at panahon ito sa Pilipinas ng mga tunay na kahalintulad, ay hindi ko napaglabanang huwag itala ang ganito kalaki at napakatangi marahil sa lahat, sa aking palagay, sapagka't naglalarawang maliwanag, malinaw at hindi malabo, sa katayuang laruan ng tinatawag na Republika.

(ITUTULOY)


# PINARANGALAN ANG MGA NATATANGING TAUHAN NG IKA-PITONG SINING



SA isang palatuntunang idinaos noong Linggo ng gabi sa Bay View Hotel na pinangasiwaan ng **Manila Times**, ay pinarangalan at pinagkalooban ng mga gantimpalang "Maria Clara" ang mga tauhan ng ika-pitong sining. Ang mga gantimpala ay nauukol sa taong 1950. Makikita sa larawan si Louis Garcia nang nagsasalita sa harap ng mikropono at ipinakikilala ang mga nagtamo ng gantimpala. Kasama sa larawan sina Nena Cardenas (Pinakamabuting Artistang Babae ng Taon), Alicia Vergel (Pinakamabuting Katulong na Babaing Artista), Reynaldo Dante, Donya Sisang de Leon, Dr. Ciriaco Santiago at Tony Santos (Pinakamabuting Katulong na Artistang Lalaki, dahil sa mahusay na pagkakaganap niya sa "Hantik" ng LVN).



Nang nagsasalita sa harap ng mikropono si Direktor Gerardo de Leon bilang pagpapasalamat sa madla at sa mga kinauukulang nangasiwa sa pagpaparangal. Si Direktor Gerardo de Leon ay siyang nahirang na Pinakamabuting Direktor ng Taon dahil sa katangitanging pagkakapamahala sa pelikulang "Kamay ni Satanas" na itinuring na isa sa mga dakilang panoorin nang taong 1950. Makikitang hawak niya ang kanyang gantimpalang "Maria Clara."



Si Donya Sisang, napiling Produktor ng Taon, ay hinandugan ng pagbati nina Rafael Anton ng Lebran, Alfredo Cruz, Primitivo Mauricio ng Manila Times, at ng kanyang anak na si Mannie de Leon.




## Minsan Pang...

(Karugtong ng nasa pahina 12)

matamis na halik ang naramdaman mong dumantay sa iyong mga labi.

Nang muli mong idilat ang iyong mga mata kinabukasan, natalos mong si Dany ay malayo na sa iyong piling. At magbuhat noon, ay nagtiis ka nang maghintay sa kanya. Halos araw-gabi'y tinutulungan mo pa sa iyong pagdarasal ang kanyang maagang pagbalik. Nguni't parang hindi naririnig ng Lumikha ang iyong mga pagtawag, pagka't siya'y hindi dumarating.

Nagpatuloy pa ang pagyao't pagdatal ng mga araw at gabi sa iyong paghihintay. Subali't sa tuwing magigising ka sa kinaumagahan ay pawang kabiguan ang natatambad sa iyong paningin. At nang tumagal-tagal nang ni hindi ka nakatatanggap ng sulat buhat sa kanya ay nagsimula nang bumuko sa iyong loob ang hinalang baka ginawang paraan lamang ni Danilo ang kanyang pag-alis upang makaiwas sa kanyang pangako. Nahinuha mo ring baka si Danilo ay sadyang lumimot na sa inyong sumpaan...

Naisipan mo nang magbalik sa inyong sariling bayan upang doon makubli at lasapin ang mapait na dita ng iyong kasawian. Nguni't ikaw nga'y ipinagtabuyan ng iyong ama

Sa kabilang dako, nang dumating si Major sa Maynila ay ikaw ang unang-unang napag-usapan niya at ng kanyang anak.

—Oras na hindi ka sumunod sa aking kagustuhan, asahan mong kailan ma'y hindi na kita pakikialaman...! —may banta ang tinig ng Major. — Kaya buhat ngayon, limutin mo na ang babaing iyon. Huwag ka nang magpapakapagod sa paghahanap sa kanya! Naiintindihan mo?

—Nguni't Itay, isinumpa ko po sa kanya na tanging siya lamang ang aking mamahalin!

—Huwag kang ulol...!! —ang mabilis na hadlang ng Major. —Mabuti pa'y sumama ka sa akin ngayon at mayroon akong ipakikilalang babae sa iyo. Higit na magaling kung iyon ang liligawan mo at ako'y hindi tututol, pagka't kakilala ko ang kanyang mga magulang.

—Itay, bigyan pa ninyo ako ng kaunting panahon sa aking paghahanap sa kanya. Ibig ko lamang makita at makausap, upang sa gayon ay maipakilala kong hindi ako nagkulang sa aking sumpa at pangako. Alam naman ninyo, Itay, na mula nang magbalik ako dito ay hindi ko na natagpuan ni nabalitaan. Sa nangyaring ito ay kayo ang may kagagawan. Oo, kayo ang naging dahilan ng aming pagkakalayo, — ang naninising tutol ng anak ng Major

—Hindi na kailangan! Ngayon din ay magbihis ka at nang tayo'y makalakad. Ako'y hinihintay niya sa araw na ito. —At isinuot na ni Major ang kanyang nakahandang kasuotan.

Ang anak ng Major ay hindi na kumibo. Nagbihis na at sumunod na rin sa kagustuhan ng ama. Nang sila'y sumapit sa iyong tinitirhan, ang anak ng Major ay sadyang nagpaiwan muna sa kalapit na tindahan pagka't lihim pa ring tumututol ang kanyang kalooban sa layunin ng ama. Kaya ang Major muna ang unang nakipagkita sa iyo.

—Aba, kayo pala, Major...! —ang masigla mong bati.

—Oo nga, Myrna, alam mo namang kailangan kong lubha ang iyong tulong. Ako'y taos-pusong nakikiusap ngayon na kung maaari'y huwag mo akong bibiguin. Para kong nakikitang nasa mga kamay mo ang kaligtasan ng aking anak. Baka-sakaling sa pamamagitan ng iyong tulong ay magbago ang kanyang kalooban.

—Nguni't, isipin ko muna, Major, kung ano ang mabuting gawin upang kayo'y matulungan ko. Marahil, batid naman ninyo na mabigat na gawain ang magkunwaraing kasintahan ng lalaking hindi mo tunay na iniibig at ni hindi mo pa nakikilala. Hindi ho ba?

—Kung sa bagay, —sang-ayon ng Major. —Nguni't ang gagawin natin ay upang ipakilala lamang sa babaing kanyang kinalolokohan na ikaw ang kanyang bagong katipan, nang sa gayon ay masiraan ng loob.

—Sa akala naman kaya ninyo ay papayag ang inyong anak...?

—Maaari bang hindi siya papayag. Sa oras na makita ka niya ay natitiyak kong malilimutan na ang kanyang kinababaliwan.

—Hummm... —ang ungol mo. —At bakit naman po hindi pa ninyo isinama. Marahil, inisip niyang ako'y ikahihiya niya sa kanyang katipan, ano ho?

Sa itinanong mong iyan ay hindi ang Major ang sumagot sa iyo. Isang bagong tinig, malambing at kahali-halina, ang iyong narinig buhat sa likuran.

—Ako'y naririto, binibini...! —anang tinig.

Nagulat ka. Tumahip na bigla ang iyong dibdib, nguni't naramdaman mong nagkaroon ng ibayong kasiyahan ang iyong damdamin. Sapagka't ang tinig na iyong narinig ay dati mo nang nakikilala. At nang lumingon ka sa may pintuan, ay parang hindi ka makapaniwala sa iyong namalas. Para kang bantayog na hindi nakakilos sa iyong kinatatayuan. Subali't... aywan kung anong mahiwagang lakas ang nagtulak sa iyo, ikaw ay biglang napasugod sa lalaking katatapos pa lamang nagsalita.

—Danilo, diyata't...!

—Oo, Myrna...!

—Oh, Mahal ko...! —at siya'y bigla mong nayakap at nakalimutan mo na ang iyong balak na paghihiganti. Ikaw naman ay minsan pang pinaliguan ng maaapoy na halik ni Danilo.

Sa gayong tagpong nasaksihan ng Major, ay parang naguusig ang kanyang titig bagaman lihim namang nagsasaya ang kanyang kalooban. Masayang-masaya kayo ng iyong kasuyong hindi mo na inaasahang magbabalik, nguni't lalo namang nagagalak ang Major, sapagka't hindi nabigo ang kanyang layunin. Dahil sa kagalakan ng Major ay hindi nakatiis na di mag-usisa...

—Danilo, siya ba ang babaing... —ang ibig tukuyin ng Major ay ang kasintahan ng anak.

—Opo, Itay...! —ang mabilis na tugon ni Danilo. —Siya po ang sinasabi kong aking kasintahan na malaon ko nang pinaghahanap.

—Opo. Major .. siya rin po ang lalaking naging sanhi ng aking mga... —at hindi mo na [illegible] pagka't biglang tinakpan ni Danilo ang iyong mga labi.

—Kung gayon, Myrna, —ang baling sa iyo ng Major, —ako sana'y patawarin mo sa aking mga pagkakamali!

Sa halip na tugunin mo pa ang Major, ay napangiti ka na lamang at pagkuwa'y muling napabilanggo sa mga bisig ni Danilo. (X)




# Panlinggong PALAISIPAN ng BAGONG Buhay

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| A | S | T | I | | I | P | I | I | T | | S | O | T | A |
| S | I | S | S | | T | U | M | B | A | | A | R | A | L |
| A | L | I | S | | I | T | A | A | N | | K | I | O | S |
| H | I | N | A | N | G | O | | A | L | I | B | A | B | A |
| I | P | A | | G | I | S | | N | A | N | A | | | |
| | | | K | R | S | T | | | W | A | T | S | O | N |
| B | E | L | E | S | | A | L | B | A | Y | | A | N | I |
| A | L | I | W | | I | T | A | O | N | | H | U | S | I |
| U | A | I | | A | S | I | O | N | | B | U | L | A | G |
| L | A | G | I | T | I | K | | A | T | I | S | | | |
| | | | M | A | N | O | | S | A | N | | M | I | D |
| B | A | L | I | S | A | | | I | L | O | K | A | N | O |
| U | T | A | S | | G | A | N | S | A | | A | H | I | N |
| H | A | W | I | | O | R | A | T | A | | L | A | B | A |
| O | S | A | N | | T | I | Y | A | N | | I | L | A | T |

**PAHALANG**

1. Lunsod sa Italya, sa kaliwang pampang ng ilog Tanaro
5. Ikulong
10. Tagapagalaga ng kabayo
14. Tika
15. Lagakan ng patay
16. Diwa ng mabuting pangungusap
17. Panaog, hayo
18. Isubi
19. ...ko (palamigan)
20. Kinuha sa gawa ng iba
22. Bayani sa "Arabian Nights"
24. Dumi ng bigas
25. Habol (huling pantig)
26. Tiya
27. Inuming "orange"
28. Makatang ingles, unang aklat ay "The Prince's Quest"
32. Kusing
35. Lalawigan ng abaka
38. Gapas
39. Libang
40. Isabay sa gayong araw
41. Himaymay na pandamit
42. ... nations
43. Palayaw ng babae
44. Pinsala ng mata
45. Tunog ng nabaling kawayan
47. Bungang mabuto
49. Halik sa kamay
50. Puno ng ika-8 hukbo ng EU sa Korea (gitnang pangalan)
51. Hintakot magsalita (kinaltas ang unang titik)
54. Di mapalagay
57. Taga-hilagang masisinop
59. Kitil
60. Ibong di makalipad
63. Dulot sa hapag
64. Pag-alis ng tabing
65. Ekonomistang pilipino
66. Gawaing pambabae
67. Bayan sa kanlurang Korea
68. Bahaging lagakan ng kinain
69. Bambang

**PABABA**

1. Pahayagang Hapones
2. Pagtingin sa butas
3. Bansang may pinakamaraming mamamayan
4. Iyong-iyon lamang
5. Ibubo
6. Salin sa larawan ng dokumento
7. Bilang ng daliri (kinaltas ang unang titik)
8. Bayan sa Batanggas
9. Ilawan
10. Nakasabit sa balikat
11. Elsa
12. Higang paharap
13. Hilab
21. Matapang (huling pantig)
23. Mahal na taguri
27. Isang arabal sa Londres
29. Unang hari ng Israel
30. Sukat ng timbang
31. Ulayaw
32. Sisidlang kahoy ng damit
33. Magandang pangalang babae
34. Kaligiran ng lalamunan
36. Apelyidong intsik
37. Bayang daungan sa New foundland
40. Ibinigay na tugon
41. Bulalas
43. Alinsunod sa kapangyarihan
44. Tinto
46. Ligpitin
48. Listahan
51. Mataas ang halaga
52. Binago
53. Kakaning hugis 'pulseras
54. Matalim na kawayan
55. Pinagpigan (kinaltas ang unang titik)
56. Dagat na tabang
58. Diyosang hindu
61. Sariling angkin
62. Hindi huwad (huling pantig)

**TINGNAN ANG TUGON SA SUSUNOD NA LINGGO**

## Sagot sa Nakaraan

| | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| S | A | Y | P | O | L | | B | A | H | A | G | D | A | N |
| A | L | A | I | | I | N | A | B | A | | R | A | R | A |
| U | K | O | L | | S | I | B | U | L | | A | L | A | M |
| L | A | N | A | | A | N | A | K | I | | S | O | R | A |
| | | | P | | N | A | R | A | | I | A | Y | O | N |
| K | U | L | I | T | | Y | A | B | O | G | | | | |
| I | S | A | L | A | B | | N | A | T | A | M | A | S | A |
| M | A | P | A | L | A | D | | R | I | M | A | R | I | M |
| I | P | I | N | A | L | I | T | | S | A | R | I | L | I |
| | | | | B | E | L | E | N | | S | I | S | A | L |
| O | K | U | M | A | | I | H | I | P | | N | | | |
| M | A | M | A | | A | D | E | L | A | | D | A | A | N |
| I | N | A | M | | P | I | R | A | N | | U | S | L | I |
| Y | A | L | A | | I | L | A | Y | O | | K | A | I | T |
| A | L | I | M | U | D | I | N | | T | R | E | N | T | A |

TEOTICO CLINIC
URINARY DISTURBANCES
GENERAL SURGERY
X-RAY SERVICES
7-9 A.M. / 2-3 P.M. — No. 2 Tanduay, Quiapo
10-12 A.M. / 4-7 P.M. — Calvo Bldg., Escolta


## Mga nanalo sa PALAISIPAN noong Hulyo 1

1. **Erlinda Pangco**—Noveleta, Kabite
2. **Reynaldo Marquez**—Aplaya, Bauan, Batangas
3. **Andie Villa Galang**—Santiago, Isabela
4. **Basilio Navarro**—2485 Int. 6, Herran, Pako, Maynila
5. **Gng. Genoveva Pagsisihan**—211 Fabie, Pako, Maynila

Magsisitanggap sila ng tigalawang buwang walang bayad na suskripsiyon ng Panlinggo ng BAGONG BUHAY.

Ipadala ang lahat ng sagot, sa: **PALAISIPAN, Magasin ng BAGONG BUHAY, 920 Lepanto, Sampalok, Maynila.**

(Ang mga ipadadalang sagot na wala sa pangalan ng **PALAISIPAN** ay hindi pahahalagahan. Ang mga nanalo na sa **PALAISIPAN** na wala pang tatlong buwan ang nakalilipas magbuhat nang malathala ang mga pangalan ay hindi maaaring papanaluning muli.)



# Ang Una at Laging Pinipili Ko ay

# BUCCANEER

*Pagkatapos matikmán ang iba't ibang uri ng sigarilyo ay natiyak ni Lydia Montañez, marilag na bituin sa puting tabing, na ang sigarilyong ukol sa kanya ay BUCCANEER...mangyari pa!... dahil sa kasiyasiyang lasa, bango, at mahusay na pagkakayari*






## NANGUNGUNA SA PAGPAPASIGLA!

Makinig sa "Remote Control Broadcast" sa Novena sa Our Mother of Perpetual Help sa Simbahan ng Baclaran tuwing Miyerkoles, mula sa ika-6:00 hanggang ika-6:30 n. g. at mula sa ika-7:00 hanggang ika-7:30 n. g. sa DZPI.